

## Kabilang ako sa isa sa mga nakalistang grupo sa itaas, bakit kailangan kong maghintay?

Magkakaroon ng bakuna laban sa Covid-19 sa sandaling maaprubahan ang mga ito at mamanupaktura ang bawat batch.

Kaya't kinakailangan ang bawat dosis upang maprotektahan ang mga may pinakamataas na panganib. Ikaw ay tatawagan sa oras na may sapat nang bakunang makukuha.

Ang ilang tao na nasa bahay lamang o nakatira sa isang bahay-kalinga at hindi makapunta sa isang lokal na center para sa pagpapabakuna ay baka kailangang maghintay para sa supply ng tamang uri ng bakuna. Ito ay dahil sa ilang bakuna lamang ang maaaring maihatid sa mga bahay ng mga tao.

## Saan ako puwedeng magpabakuna laban sa COVID-19?

Ibibigay ang mga bakuna sa iba't ibang lokasyon. Ang ilang team na nagbabakuna ay bibisita sa mga tao upang magbigay ng bakuna, halimbawa, sa mga bahay-kalinga, at ang ibang tao ay maaaring pumunta sa pinakamalapit na center. Dahil may mga bakunang dapat ilagay sa freezer na may napakababang temperatura, maaaring hindi mo makuha ang bakuna sa iyong normal na GP surgery.

## Paano kung hindi madaling puntahan ang center na inirekumenda sa akin?

Pakisubukang puntahan ang center sa pagpapabakuna na inirekumenda sa iyo. Kung hindi ka makakapunta sa center na iyon, baka kailangan mong maghintay upang makuha ang bakuna sa isang mas kumbinyenteng lokasyon.

## Maaari ba akong magbayad para sa isang bakuna laban sa COVID-19 nang pribado o sa isang parmasya?

Hindi, ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay maaari lamang makuha ng mga karapat-dapat na grupo sa pamamagitan ng NHS at ito ay libreng pagbabakuna.

Pakibasa ang polyeto tungkol sa impormasyon ng produkto para sa higit pang mga detalye sa iyong bakuna, kasama ang mga posibleng side effect, sa pamamagitan ng paghahanap sa Coronavirus Yellow Card.

Maaari mo ring i-ulat ang mga hiniknalang side effect sa parehong website o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.




[coronavirus-yellowcard.mhra.gov.uk](https://coronavirus-yellowcard.mhra.gov.uk)

Pagpapabakuna, nakakatulong na maprotektahan ang mga may pinakamataas na panganib na mahawahan.

Kung kailangan mo ng higit na impormasyon sa pagpapabakuna laban sa COVID-19, mangyaring pumunta sa: [www.nhs.uk/covidvaccination](https://www.nhs.uk/covidvaccination)

© Crown Copyright 2020.  
COV2020308V2TL 5M 1p JAN (APS) 2021  
Public Health England gateway number: 2020565

Maaari kang humingi ng higit pa ng mga libreng polyetong ito sa [www.healthpublications.gov.uk](https://www.healthpublications.gov.uk)



Impormasyon tungkol sa mga supply ng bakuna laban sa COVID-19



Pagpapabakuna laban sa COVID-19  
Protektahan ang sarili.

Ang mga taong may mataas na panganib sa mga komplikasyon ng COVID-19 ang unang bibigyan ng bakuna.

Sa UK, may dalawang naaprubahang bakuna laban sa COVID-19. Kinakailangan nilang pareho ang dalawang dosis upang makapagbigay ng mas matagal na proteksyon. Napatunayang epektibo ang dalawang bakunang ito sa mga klinikal na pagsubok at may mahusay na record sa kaligtasan.

Inirekomenda ng isang independiyenteng grupo ng mga dalubhasa na unang i-alok ng NHS ang mga bakunang ito sa mga may pinakamataas na panganib na makuha ang sakit at magkaroon ng mga malubhang komplikasyon o mamatay mula sa COVID-19. Kabilang dito ang mas nakatatanda na nasa mga bahay-kalinga at mga frontline na manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at panlipunan.

Kapag nagkaroon na ng mas maraming pang bakuna, i-aalok ang mga bakuna sa iba pang mga taong nasa panganib sa lalong madaling panahon.

## Dapat kang magpabakuna kapag inaalok ito kung ika'y:

• nakatira sa isang bahay-kalinga para sa mga mas nakatatanda



• isang frontline na manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan



• isang frontline na manggagawa sa pangangalagang panlipunan



• isang tagapag-alaga na nagtatrabaho sa isang bahay-kalinga para sa mga matatandang residente



## Pagkatapos, ang bakuna ay i-aalok ayon sa pagkakasunod ng edad sa:

- mga mahigit 80 taong gulang
- mga mahigit 75 taong gulang
- mga mahigit 70 taong gulang
- mga nasa hustong gulang na nasa listahan ng mga shielded patient ng NHS
- mga mahigit 65 taong gulang
- mga nasa hustong gulang na wala pang 65 taong gulang na may pangmatagalang mga kondisyon (tingnan ang listahan). Ang mga 50-64 na taong gulang ay aalukin nina sa ibang pagkakataon.

**Mangyaring maghintay hanggang sa ikaw naman ang mabigyan ng oportunidad. Kung wala ka sa mga grupong binanggit sa itaas, kailangan mong maghintay para sa pagpapabakuna laban sa COVID-19 hanggang sa magkaroon pa ng mas maraming supply.**

**Kapag magkaroon pa ng mas maraming bakuna, i-aalok namin ito sa mas marami pang mga grupo ng populasyon.**

## Listahan ng mga kondisyong medikal:

- kanser sa dugo (tulad ng lukemya, lymphoma o myeloma)
- diyabetes
- demensya
- problema sa puso
- problema sa baga o kahirapan sa paghinga, kabilang ang bronchitis, emphysema o malubhang hika
- sakit sa bato/kidney
- sakit sa atay
- mas mababang immunity dahil sa sakit o paggamot (tulad ng HIV na impeksyon, mga gamot na steroid, chemotherapy o radiotherapy)
- rheumatoid arthritis, lupus o psoriasis
- sumailalim sa organ transplant
- nagkaroon ng stroke o isang transient ischaemic attack (TIA)
- kondisyong neurolohikal o panghihina ng kalamnan (muscle wasting condition)
- isang matinding kapansanan sa pagkatuto
- problema sa iyong lapay, hal. sickle cell disease, o tinanggal na ang iyong lapay
- sobra-sobra ang timbang (BMI na 40 pataas)
- malubhang sakit sa isipan

## Kasabay nito, ang bakuna ay i-aalok din sa:

- mga nasa hustong gulang na nagbibigay ng regular na pangangalaga sa isang matanda o taong may kapansanan
- mga kabataang nasa hustong gulang na namamalagi sa mga lugar para sa pangmatagalang pangangalaga at paninirahan